Pag-iwas sa pagkakasangkot sa mga krimen sa droga

교육부
Ministri ng Edukasyon

한국교육환경보호원
Ahensiya ng Proteksyon sa Kapaligiran pang Edukasyon ng Korea

Maari kang masangkot sa isang krimen sa droga nang hindi sinasadya

Kahit na legal ang cannabis sa ibang bansa, ang mamamayan ng Korea na bumili o gumamit ng droga or produkto na legal sa isang bansa ay mapaparusahan sa ilalim ng batas ng Korea.

⚠ Mga bansang legal ang cannabis: Thailand, Amerika, Canada atbp.

- Dahil sa binibigay na bagay ng iba, maaari kang magkaroon at gumamit ng droga nang hindi mo alam.
- Kailangan din mag-ingat sa Korea lalo na sa ibang bansa na madaling mapasangkot sa krimen (droga). Ito ay dahil humihina ang pagiging alerto natin sa ibang kapaligiran kaysa nakasanayan na lugar.
- Sa ibang bansa legal ang marijuana at iba pang droga. Kung hindi tayo mag-iingat at magbibigay ng atensyon, madali pong bumili o gumamit ng mga droga.

※Source: A campaign to eradicate drug smuggling "Drug-Bad" Customs Service(2022)

Simpleng trabaho lamang, madaling matukso sa alok na mataas na sweldo o bayad

Sa mga sumusunod na sitwasyon, dapat kang maghihinala.

Simpleng pagpapadala ng mga item	Pag-iimbak ng mga kalakal para sa iba
	
Paghatid ng mga kalakal sa mga estranghero	**Pagtanggap ng internasyonal na mail (sulat) para sa isang third party**
	

- Ito ay simpleng (trabaho) lamang kung sila ay nagmungkahi ng libreng pamamasyal, malaking halaga na pera at mamahaling bagay atbp. Malaki ang posibilidad na ito ay mga ilegal na aktibidad na may kaug-nayan sa droga.

※Source: “High-yielding Bait Frug Enforcement” YTN(2023. 08.25)

Madalas na nakatuon sa mga kabataan

- Ang pangunahing target ng drug trafficking ay mga ordinaryong tao.
- Ang mga kabataan at maybahay ang target nila at dumadami ang kaso dito.
- Kamakailan, patuloy pa rin ang pagdami ng mga teenagers na nag-dodroga.
- Ang isang drug mule ay maaaring parusahan para sa pag-aari ng droga lamang.

※Source: 'Habang dinadala ang hinihiling bagahe...Abiso sa transportasyon ng droga'

Wag tumanggap ng mga bukas na inumin o tubig

- Kabilang sa mga gamot ang likidong anyo, kulay at amoy. Ang mga gamot na mahirap makilala dahil sa kakulangan ng lasa ay kadalasang ginagamit para sa mga layuning kriminal dahil hindi ito halata kapag inihalo sa inumin o tubig.
- Huwag tumanggap ng pagkain tulad ng tubig, kendi, meryenda at inumin na ibinibigay ng mga taong hindi mo kakilala/estranghero. (Hindi ka din makakasigurado kahit hindi pa ito nabubuksan.)
- Gayundin, kapag lumipat ka ng upuan, dapat mo din dalhin ang iyong inumin.

※Source: Mula sa kape hanggang sa inumin..'Drug warning" sa pang araw-araw na buhay. YonhapNews(2023.04.15.)

Walang bansang ligtas sa droga ngayon

- Ang buong mundo ay nasa digmaan laban sa droga.
- Lahat tayo ay nangangailangan ng atensyon at pagsisikap na protektahan ang kalusugan at kinabukasan ng ating pamilya laban sa droga.
- Bigyan po natin ng pansin ang inyong pamilya upang maiwasan na malantad sa droga ang inyong mga anak.

Serbisyo sa pagpapayo at institusyong pang edukasyon.

☑ Korea Anti-Drug Headquarters : 1899-0893

- Maaring bisitahin ang 13 lokal na sangay ng lungsod/lalawigan sa buong bansa, magsulat, mag e-mail at magpakonsulta sa telepono.
- Pag pagamot sa Institusyong Medikal

Pagpapaospital, paggamot sa outpatient at mga institusyon ng pagpapayo

☑ Mga ahensya ng paggamot at proteksyon sa local na komunidad.

☑ Integrated Addiction Management Support Center

Mga materyales na pang edukasyon sa pag-iwas sa narcotics para sa mga estudyante o mga mag-aaral

☑ Sentro ng impormasyon sa kalusugan ng mga estudyante/mag-aaral : https://schoolhealth.kr

Ahensya ng pagrereport ng krimen sa droga

☑ Pulis: 112 ☑ Taga-usig/Prosekyutor: 1301 ☑ Custom Office: 125

※ Ang lahat ng personal na impormasyon ay mahigpit na pinananatiling kumpidensyal sa panahon ng mga konsultasyon sa pagpapayo, edukasyon at mga institusyon ng paggamot.

※ Ang pagpapayo ay magagamit hindi lamang para sa iyong sarili, kundi pati na rin para sa iyong pamilya at mga tao sa paligid mo.